Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG AGOSTO 7, 2006, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS . . . . . . . . | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Alden A. Sulit . . . . . . . . | Kagawad – Liga ng mga Barangay Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Narciso A. Cayos . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Alan T. Pamatmat . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Virgilio T. Ciriaco . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Serafin C. San Juan, Jr. . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico . . . . . . . . | Kagawad – SK |

DI-DUMALO

| | |
|---|---|
| Kgg. Bryan R. Lateo . . . . . . . . | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 110-T'06

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 19-T'06 / KAUTUSAN SA LAANG GUGULIN BLG. 03-T'06 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN JUAN NA NAGDARAGDAG NG LAANG GUGULING NAGKAKAHALAGA NG ANIMNAPU'T TATLONG LIBO ISANGDAAN WALUMPU'T LIMANG PISO AT DALAWAMPU'T SIYAM NA SENTIMOS (P63,185.29) MULA SA LABIS NA ITINALAGANG KITA NG INTERNAL REVENUE ALLOTMENT (IRA) UPANG ILAAN PARA SA SEMINAR NG SANGGUNIANG BARANGAY (P23,866.77), CASH GIFT (P33,000.00) AT SA 10% PONDO NG SANG. KABATAAN (P6,318.52) NG NABANGGIT NA BARANGAY.

SAPAGKA'T, may pinagtibay ang Sangguniang Barangay ng San Juan sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 19-T'06 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 03-T'06 na nagdaragdag ng laang guguling nagkakahalaga ng P 63,185.29 mula sa labis na itinalagang kita ng IRA upang ilaan para sa seminar ng Sangguniang Barangay (P23,866.77), cash gift (P33,000.00) at sa 10% pondo ng Sang. Kabataan (P6,318.52) ng nabanggit na barangay;

SAPAGKA'T, ito ay dumaan sa pagsusuri ng mga kasapi ng Lupon sa Pananalapi ng pamahalaang bayan;

SAPAGKA'T, anuman ang gawing paglalabas ng gugulin ay nasa pananagutan ito ng Sang. Barangay ng San Juan.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Mike Jomel M. Ombico at Alan T. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 19-T'06 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 03-T'06 ng Sang. Brgy. ng San Juan na nagdaragdag ng laang guguling nagkakahalaga ng P 63,185.29 mula sa labis na itinalagang kita ng IRA upang ilaan para sa seminar ng Sangguniang Barangay (P23,866.77), cash gift (P33,000.00) at sa 10% pondo ng Sang. Kabataan (P6,318.52) ng nabanggit na barangay.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sang. Brgy. ng San Juan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

KGG. ALDEN A. SULIT
Kagawad-Liga ng mga Barangay
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan